



Pilipinas

Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas (1)

Ang 75% ng pangkalahatang mga residente ng Japan na may kaugnayan sa Pilipinas ay binubuo ng mga permanenteng residente na walang hangganan ang pananatili (47%), mga pangmatagalang residente na may nakatakdang panahon ng pananatili (19%), at mga asawa ng mga Japanese national (9%) (mula sa Statistics Bureau ng Ministry of Internal Affairs and Communications, Hunyo 2022). Dahil marami ang mga mananatili sa Japan sa loob ng mahabang panahon, inaasahan na pagtutuunan nila ng pansin ang pagtuturo sa kanilang mga anaksa katamtaman hanggang mahabang termino.

- Lawak: 298,170 sq. km (tinatayang 80% ng Japan)
- Populasyon: 109,035,343 (Philippine Census, taong 2020)
- Etnisidad: Pangunahin ang Malay, mayroon ding mga Tsino, Kastila, at iba pang minoridad
- Pambansang Wika: Filipino (Tagalog)
- Opisyal na Wika: Filipino, English. Mayroong higit sa 180 na mga wika
- Relihiyon: Kristiyano (Katoliko 83%, iba pang Kristiyano 10%. Islam 5%)
- Life Expectancy: Lalaki 67.4 taon, Babae 73.6 taon (WHO, taong 2019)
- Adult Literacy Rate: 96.3% (UNESCO, taong 2019)

Proseso ng Enrollment at Designasyon ng School District

- Bilang prinsipyo, obligado ang mga magulang na i-enroll ang kanilang mga anaksa paaralan.
- Kwalipikasyon ang pagiging 5 taong gulang pagsapit ng ika-1 ng Hunyo o kaya ay ang pagpasa sa screening na isasagawa ng papasukang paaralan para sa mga batang magiging 5 taong gulang hanggang sa katapusan ng Agosto. Pagpasok sa paaralan ay bibigyan ng "Learner Reference Number" na gagamitin sa buong durasyon ng pag-aaral.
- Ang mga guardian ay magsusumite ng birth certificate o baptismal certificate sa kanilang nais na Kindergarten para sa aplikasyon sa pagpasok. Maaaring tanggapin ang pagpasok sa pamamagitan ng panayam lamang depende sa paaralan ngunit may mga pagkakataon na imumungkahi ang ibang paaralan kapag maraming aplikasyon.
- Mayroong mga nakatalagang school district subalit hindi ito sapilitan at pinapayagan na pumasok sa ibang paaralan.

Sistema ng Edukasyon at mga Kwalipikasyon/Degree na Makukuha

- Ang nakaraang compulsory education sa Pilipinas ay 6 na taon para sa Primary Education at 4 na taon para sa Secondary Education subalit ito ay naging 1 taon para sa Kindergarten, 6 na taon sa Primary Education, at 6 na taon para sa Secondary Education dahil sa pagbabago sa sistema ng edukasyon noong 2012.
- Dagdag pa dito, ang compulsory education ay pinahaba kung saan ang Primary Education na 6 na taon ay naging 13 taon (K to 12) at mastumaas ang enrollment rate sa Lower Secondary Education.
- Ang kabuuang enrollment rate noong taong 2021 ay 92.40% sa Primary Education, 96.95% sa Lower Secondary Education, at 77.11% sa Higher Secondary Education. Naging talakayin ang pagpapataas ng enrollment rate para sa Primary Education at Higher Secondary Education na nagkaroon ng malaking pagbabala mula sa 99.15% noong bago magkaroon ng COVID-19 (taong 2019) (mula sa UIS, taong 2022).

Compulsory Education	Preschool, Pre-kindergarten, Nursery, at iba pa		
	Kindergarten	Kindergarten	(Edad 5-6)
		Grade 1	(Edad 6-7)
	Primary School (Elementary School)	Grade 2	(Edad 7-8)
		Grade 3	(Edad 8-9)
		Grade 4	(Edad 9-10)
		Grade 5	(Edad 10-11)
	Lower Secondary Education (Junior High School)	Grade 6	(Edad 11-12)
		Grade 7	(Edad 12-13)
		Grade 8	(Edad 13-14)
	Higher Secondary Education (Senior High School)	Grade 9	(Edad 14-15)
		Grade 10	(Edad 15-16)
Higher Secondary Education (Senior High School)	Grade 11	(Edad 16-17)	
	Grade 12	(Edad 17-18)	
University/College, Post Secondary Educational Institution			

★ Primary School Graduation Certificate

★ Lower Secondary School Graduation Certificate

★ Lower Secondary School Graduation Certificate

★ Certificate of Completion / Diploma

★ Associate Degree ★ Bachelor's Degree

★ Master's Degree ★ Doctor's Degree

Ang durasyon ng compulsory education sa Pilipinas ay 13 taon simula sa Kindergarten hanggang sa Grade 12.

Bayad sa Paaralan

- Walang bayad sa matrikula para sa compulsory education sa mga pampublikong paaralan subalit mayroong babayaran na humigit-kumulang 400 pesos (tinatayang 1,000 yen) para sa PTA at iba pang gastos.
- Bukod pa dito, sariling pasanin din ang bayad para sa mga gamit sa paaralan, mga materyales sa pag-aaral, uniporme, pamasaha, at iba pa. Ang average na gastos sa isang taon ng pamilya para sa isang mag-aaral sa primary school noong taong 2010 sa Maynila ay 4,350 pesos (tinatayang 11,000 yen) (Reyes, taong 2015).
- Base sa impormasyon noong taong 2022, ang matrikula para sa pribadong paaralan ay 25,000-100,000 pesos (tinatayang 61,000-246,000 yen) para sa primary school, 40,000-150,000 pesos (tinatayang 98,000-369,000 yen) para sa junior at senior high school. Bukod pa dito, kailangan ding bumili ng mga libro dagdag pa sa pagpasa sa bayad para sa PTA at iba pang gastos, gamit sa paaralan, materyales sa pag-aaral, uniporme, pamasaha, at iba pa (Moneymax, taong 2022).

Noong taong 2017, ang mga matrikula sa mga national universities at ilan sa mga pampublikong unibersidad/kolehiyo ay ginawang walang bayad sa Pilipinas. (Gayunpaman, mayroong mga kondisyon tulad ng kailangang makapagtapos sa loob ng nakatakdang durasyon at karagdagang 1 taon ng pag-aaral.)

Kwalipikasyon para sa Moving Up

- Lower Secondary Education: Makapasa sa lahat ng area of study sa Primary School
- Higher Secondary Education: Makapasa sa lahat ng area of study sa Lower Secondary School
- University/College, Post Secondary Educational Institution: Makapasa sa lahat ng area of study sa Higher Secondary School

Mayroong mga unibersidad na nagsasagawa ng entrance exam para sa moving up sa unibersidad (Macha, et al, taong 2018).

Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas (2)

Ang mga Batang may Kapansanan ay Nag-aaral din

* Iba't iba ang mga depinisyon ng "Special Needs Education" at "Special Education Classroom" sa bawat bansa. Tingnan ang gabay para sa paggamit ng survey para sa sistema ng edukasyon sa bawat bansa.

Isinasagawa ang espesyal na edukasyon (Special Education : SPED) para sa mga batang may kapansanan sa Pilipinas base sa "Guidelines for the Education of Children with Disabilities" na matagal nang nalikha noong 1970. Noong Marso 2022, nilikha at pinatupad ang "Inclusive Education Law for Learners with Disabilities" (Republic Act No. 11650) upang isulong ang edukasyon ng mga batang may kapansanan sa normal na sistema ng edukasyon (regular na paaralan). Lilikha ng plano para sa indibidwal na edukasyon ng mga batang may kapansanan at base sa planong iyon ay isasagawa ang pagtuturo na tumutugon sa indibidwal na pangangailangan nila.

Gayunpaman, mayroong mga ulat ng hindi sapat na budget at pasilidad/kagamitan, at hindi sapat na pagbibigay ng edukasyon dulot ng kakulangan sa mga guro na nakatanggap ng espesyal na pagsasanay.

● Prosesong Enrollment

- 1) Pagkilala ng mga guro ng bawat paaralan at ng mga lokal na opisyal sa mga batang nangangailangan ng espesyal na tulong
- 2) Pagsasagawa ng assessment ng espesyalista para sa bata matapos ang pahintulot ng guardian
- 3) Pagrekomenda ng espesyalista ng paaralan base sa resulta ng assessment
- 4) Enrollment sa nirekomendang paaralan ng espesyalista kapag pumayag ang guardian

● Para sa Edukasyon ng Batang may Kapansanan

Regular na Paaralan

Magkasamang mag-aaral ang mga batang mayroon at walang kapansanan sa mga baitang ng regular na paaralan.

Pagtuturo ng mga Mobile Teachers (Mobile teachers)

Tuturuan ng mga mobile teachers and mga batang may kapansanan na nasa mga regular na paaralan.

Resource Room (Resource room services)

Pagtuturo sa mga batang may kapansanan na nasa mga regular na paaralan ayon sa kanilang pangangailangan sa isang bahagi ng oras ng klase.

Special Education Classroom (Self-contained class)

Klase para sa mga batang may mabigat na kapansanan na mahihirapang mag-aral sa mga regular na paaralan.

Hospital Class (Hospital instruction)

Klase para sa mga batang nakahiga lamang na may kapansanan pati na rin sa mga batang nagpapagaling mula sa kapansanan.

Mga Konsiderasyon sa Pagtuturo

- May mga kaso na ang mga guardian ay hindi sapat na naiintindihan o hindi nakikitang kapansanan ang mga autism o ADHD na kabilang sa mga bagong konsepto ng "developmental disability".
- Kailangang bigyan ng konsiderasyon na ang kondisyon ng edukasyon bago pumunta ng Japan, kondisyon ng tahanan o pagpapalaki, kondisyon ng pagkatuto sariling wika, at iba pa, ay nakakaapekto sa development ng bata.

Detalye ng Edukasyon sa Pilipinas (1)

Mga Katangian ng K to 12 Curriculum

- Pagpapatibay ng edukasyon sa preschool (ginaw ang compulsory ang 1 taong preschool education)
- Ginagaw ang angkop ang curriculum para sa mga nag-aaral (Contextualization and Enhancement)
- Pagpapatya ng kahusayan (Mother Tongue-Based Multilingual Education)
- Pagsisigurado ng sama-sama at tuloy-tuloy na edukasyon (Spiral Progression)
- Paghahanda para sa hinaharap
- Pangkalahatang paglilining sa mga Pilipino (Paghahanda para sa kolehiyo at trabaho, 21st century skills)

Mga Asignatura

Grade 1 at 2:	Sariling wika, English, Filipino, Math, Araling Panlipunan, GMRC, MAPEH
Grade 3:	Mga asignatura sa Grade 1 at 2 + Science
Grade 4:	English, Filipino, Math, Science, Araling Panlipunan, GMRC, MAPEH, TLE

- Sa Kindergarten ay pinag-aaralan ang mga letra, numero, hugis, at kulay sa sariling wika sa anyong paglalaro.
- Sa Grade 11 at 12 ay mag-aaral ng core curriculum at mga elective subject

Sistema ng Evaluation at Pagpapatuloy (Grade 1 hanggang 10)

Nakakuha ng 75 pataas na marka sa final exam sa lahat ng asignatura	Magpapatuloy sa susunod na grade
May 2 asignatura na mababa sa 75	Magrehehistro sa supplementary class at magpapatuloy sa sunod na grade kapag nakakuha ng 75 o higit pa. Kapag mas mababa sa 75 ay muling kukuha ng exam. Kapag hindi pa rin nakapasa ay magpapatuloy sa susunod na grade ngunit itutuloy ang indibidwal na pagtuturo.
May 3 o higit pang asignatura na mababa sa 75	Uulitin ang grade

Completion rate (*) : Primary Education 92%, Lower Secondary Education 81%, Higher Secondary Education 78% (taong 2017)

(*) Porsyento ng mga bata na natapos ang huling grade ng bawat level na mas mataas ng 3-5 taon ang edad kaysa sa nakatakdang edad ng huling grade ng bawat level (Data mula sa UNICEF, taong 2022).



Isinasagawa ang pagtuturo gamit ang sariling wika ng mag-aaral hanggang sa grade 3.

Isinasagawa ang transisyon ng pagtuturo gamit ang Filipino at Ingles mula grade 4 hanggang 6, at ang pagtuturo para sa lower secondary education mula grade 7 ay isinasagawa sa Filipino at Ingles.



Maraming nakapalob na pag-aaral at pag-uulat sa grupo sa mga klase.



Ayon sa UIS, ang average ng mga umulit ng grade sa primary education noong 2019 ay 1.76% kung saan 3.20% ang mga grade 1, at ang average ng mga umulit sa lower secondary education ay 2.47%.

Detalye ng Edukasyon sa Pilipinas (2): Mathematics Curriculum

Systematic Table para sa mga Nilalaman ng Pag-aaral para sa Matematika sa Primary School (Inayos Batay sa mga Aspeto ng Pag-aaral sa Japan)

Asignatura/ Grade	Grade 1	Grade 2	Grade 3	Grade 4	Grade 5	Grade 6
Numero at Kalkulasyon	<ul style="list-style-type: none"> Bilang hanggang 100 	<ul style="list-style-type: none"> Bilang hanggang 1,000 	<ul style="list-style-type: none"> Bilang hanggang 10,000 Round number, round off Odd at even numbers 	<ul style="list-style-type: none"> Bilang hanggang 100,000 Multiple at divisor 	<ul style="list-style-type: none"> Bilang hanggang 10,000,000 	<ul style="list-style-type: none"> Kalkulasyon ng exponent Katangian ng integers
	<ul style="list-style-type: none"> Addition at subtraction ng 1 o 2 digits 	<ul style="list-style-type: none"> Addition at subtraction ng 2 o 3 digits Multiplication table (level ng 2 hanggang 5 at 10) Division (2 digits) ÷ (bilang 2 hanggang 5 at 10) Kalkulasyon na may kasamang addition, subtraction at multiplication 	<ul style="list-style-type: none"> Addition at subtraction ng 3 o 4 digits Multiplication table (level ng 6 hanggang 9) Multiplication (2, 3 digits) x (1 digit), (2 digits) x (2 digits) Division na may remainder Division (2 hanggang 4 digits) ÷ (1 o 2 digits) 	<ul style="list-style-type: none"> Multiplication (3 digits) x (2 digit) Division (3 o 4 digits) ÷ (1 o 2 digits) Kalkulasyon na may kahalang 2 o higit pang operasyon 	<ul style="list-style-type: none"> Formula ng pinaghalong four fundamental operations of arithmetic, kalkulasyon ng formula na gumagamit ng () 	
	<ul style="list-style-type: none"> Kahulugan ng simpleng fraction (1/2, 1/4) 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabasa at pagsusulat ng fraction, pagkukumpara ng malaki at maliit 	<ul style="list-style-type: none"> Proper fraction, improper fraction Equivalent fraction 	<ul style="list-style-type: none"> Mixed fraction Reducing fraction to lowest terms Addition at subtraction ng mga fraction na may common at unlike denominators Kahulugan ng decimal (hanggang ika-2 na decimal place) 	<ul style="list-style-type: none"> Addition at subtraction ng improper at mixed fractions Simpleng multiplication at division ng fraction Multiplication at division ng fraction at integer Kahulugan ng decimal (hanggang ika-4 na decimal place) Kalkulasyon ng decimal sa four fundamental operations of arithmetic 	<ul style="list-style-type: none"> Multiplication at Division ng Fraction (kasama na ang mixed fraction) Kalkulasyon ng decimal sa four fundamental operations of arithmetic (kasama na ang decimal na mayroong isa o higit pang integer na kasama)
	<ul style="list-style-type: none"> Formula na mayroong unknown number (addition/subtraction) 	<ul style="list-style-type: none"> Formula na mayroong unknown number (multiplication/division) 		<ul style="list-style-type: none"> Formula na mayroong unknown number (formula na mayroong parenthesis) 	<ul style="list-style-type: none"> Kahulugan ng equation 	<ul style="list-style-type: none"> Mga equation at variables
Mga Hugis	<ul style="list-style-type: none"> Obserbasyon ng mga plane figures (parisukat, parihaba, tatsukok, bilog) Obserbasyon ng mga 3D figure 	<ul style="list-style-type: none"> Straight at curve na linya Symmetrical figure Planes at surfaces 	<ul style="list-style-type: none"> Point, line, line segment Perpendicular at parallel na linya 	<ul style="list-style-type: none"> Sukat ng angle Equilateral triangle, isosceles triangle, at right triangle Square, rectangle, parallelogram, trapezoid, at rhombus 	<ul style="list-style-type: none"> Polygon Bilog/Circle Cube, prism, pyramid, cylinder, cone, sphere 	<ul style="list-style-type: none"> Development net
Pagsusukat/Pagbabago at Relasyon	<ul style="list-style-type: none"> Pagkukumpara ng haba Pagkukumpara ng laman Pagkukumpara ng bigat 	<ul style="list-style-type: none"> Unit ng haba (cm, m) Konsepto ng area Unit ng laman (mL, L) Unit ng bigat (g, kg) 	<ul style="list-style-type: none"> Unit ng area Formula para sa area ng parihaba at parisukat 	<ul style="list-style-type: none"> Haba ng perimeter ng mga plane figures Formula para sa area ng triangle, parallelogram, at trapezoid Konsepto at unit ng volume Volume at unit ng cube 	<ul style="list-style-type: none"> Haba ng circumference Formula para sa area ng bilog Formula para sa volume ng cube 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsukat sa layo, oras, at bilis Area ng complex na sukat Surface area ng 3D Volume ng prism, pyramid, cylinder, cone, at sphere
	<ul style="list-style-type: none"> Kalendaryo (araw, linggo, buwan, taon) Paraan ng pagbasa ng orasan (oras) 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabasa ng orasan (minute, umaga/hapon) Nakalipas na oras 	<ul style="list-style-type: none"> Unit ng oras (segundo) 		<ul style="list-style-type: none"> Konsepto ng ratio at percentage Konsepto ng percentage (%) 	<ul style="list-style-type: none"> Kalkulasyon ng percentage (%) Proportion at inverse proportion
Paggamit ng Data	<ul style="list-style-type: none"> Table/Chart Dalas ng occurrence 	<ul style="list-style-type: none"> Picture graph 	<ul style="list-style-type: none"> Bar graph 	<ul style="list-style-type: none"> Bar graph na may dalawang axis 	<ul style="list-style-type: none"> Line graph 	<ul style="list-style-type: none"> Pie chart



Mga Konsiderasyon sa Pagtuturo ng Numero at Kalkulasyon

● Mga Integer na Pag-aaralan sa baw'a't Baitang

Maliit ang mga integer na pinag-aaralan sa Pilipinas kaysa sa Japan sa baw'a't baitang. Halimbaw a, sa Japan ay nagbibilang hanggang 100 milyon sa Grade 3 samantalang sa Pilipinas ay hanggang 10,000 lamang. Dahil dito, maaaring kailangan ng karagdagang pagtuturo bago pag-aralan ang integer. Halimbaw a, para sa mga bata na nag-aral sa Pilipinas hanggang Grade 3 at lumipat sa Japan simula Grade 4, bago pag-aralan ay kailangang ituro muna ang pagbibilang simula 10,000 hanggang 100 milyon.

● Panahon ng Pag-aaral ng Multiplication Table


Sa Japan, ang multiplication table ay pinag-aaralan hanggang sa digit ng 9 sa Grade 2 samantalang sa Pilipinas ay hanggang sa digit ng 5 sa Grade 2 at ang 6-9 digit ay pinag-aaralan sa Grade 3. Kailangang ituro sa mga bata na papasok sa Japan simula Grade 3 ang mula sa digit ng 6 bago ito pag-aralan.

● Panahon ng Pag-aaral ng Decimal

Sa Japan ay pinag-aaralan ang decimal simula Grade 3 ngunit sa Pilipinas ito ay nagsisimula sa Grade 4. Kailangang ituro sa mga batang magsisimula sa Grade 4 sa Japan ang konsepto at pagbabasa ng decimal, simpleng addition at subtraction, at iba pa.

Kultura ng Edukasyon sa Pilipinas

Kaganapan sa Paaralan sa 1 Taon



Daloy sa 1 Araw

- Mayroong klase tuwing Lunes hanggang Biyernes at walang pasok kapag Sabado at Linggo.
- Mayroong dalaw ang klase na pang-umaga at pang-hapon depende sa paaralan. Ang pang-hapon na shift ay may klase mula 1pm hanggang dapithapon.

Halimbawa sa Elementary School (2 shift)

7:30 Simula ng pang-umagang klase

Mayroong pagtitipon sa umaga bago magsimula kung saan nagtataas ng watawat at kumakanta ng pambansang awit. Ang mga bata ay maglilinis ng silid-aralan pagkatapos ng pagtitipon.

10:00 Pahinga

Ang durasyon ng isang klase ay 40-60 minuto. (Nagbabago depende sa grade, asignatura, at paaralan.) Mayroong homeroom teacher ngunit magkakaiba ang guro sa bawat klase.

11:30 Katapusan ng pang-umagang klase

12:00 Tanghalian

Nagdadala sila ng pagkain para sa tanghalian o kaya ay pumupunta sa canteen. Mayroon ding mga umuwi para kumain.

13:30 Simula ng panghapon klase

* Kapag isang shift, ang tapos ng klase ay mga 2:30pm sa mabababang baitang at mga 4pm sa mga matataas na baitang.

15:00 Pahinga

* Walang mga pag-aaral sa labas tulad ng field trip.

17:30 Katapusan ng pang-umagang klase

Mga Alituntunin/Kultura sa Paaralan

- Malawak ang school district sa mga urban na lugar kaya ang mga guardian ay naghahatid at sundo gamit ang motorsiklo o kaya ay ginagamit ang school bus sa pagpunta at pag-alis sa paaralan.
- May mga paaralan na isinasara ang gate pagkatapos ng nakatakdang oras ng pagpasok at hindi na makapasok sa loob ng paaralan.
- Kapag hindi Maganda ang mga marka, kumukuha ng mga supplemental na klase sa bakasyon ng tag-init.
- Magkakaiba ang dami ng takdang-aralin depende sa paaralan.

Mga Kailangan sa Pag-aaral

- Naghihiraman ng mga aklat sa mga paaralan na maraming mag-aaral. Hindi ito maaaring iuwi sa bahay.
- Mayroong uniporme simula Kindergarten hanggang Senior High School.
- Pinapanas ng mga guardian ang mga kagamitang panulat, libro, pagbili ng uniporme, at bayad para sa pagpapa-print ng takdang-aralin.
- Malayang makakapili ng sapatos, bag, aksesorya, at style ng buhok.

Papel ng mga Guardian

- May mga pagkakataon na nagtitipon ang mga guardian 2 beses sa isang taon para sa Guardians o PTA meeting.
- Ang konsultasyon ay isinasagawa sa mga guardian ng mga batang may problema.



Mga Konsiderasyon sa Pagtuturo

- Dahil walang pagbibigay ng pagkain sa Pilipinas, maaaring kailangang ipaliwanag sa mga guardian ang tungkol sa paghahanda ng apron para sa nakatalaga sa magbibigay ng pagkain at kung bakit kailangang italaga ang bata.
- Malayang makakapili ng sapatos, bag, aksesorya, at style ng buhok sa Pilipinas kaya kailangang ipaliwanag nang magalang ang kultura ng mga paaralan sa Japan.
- Walang kultura ng pag-uwi ng aklat sa Pilipinas kaya kailangang ipaliwanag nang magalang ang dahilan kapag kailangang iuwi ang aklat sa bahay.